## San Bruno Mountain State and County Park

555 Guadalupe Canyon Parkway, Brisbane, CA 94005
Punong-himpilan ng Parke 650-589-5708
**Pulis, Sunog, o Medikal na Emergency 911**

### Mga Parke sa San Mateo County

**Mga reserbasyon** 650-363-4021
**Pangkalahatang impormasyon** 650-363-4020
**www.SMCoParks.org**

**Ang Departmento** ay namamahala sa mga parke, daanan, at makasaysayang lugar upang ipreserba ang mga pampublikong lupain at magbigay ng mga oportunidad para sa edukasyon at libangan. Kabilang sa mga ari-arian ng sistema ang mga parke, pinepreserbang lugar, daanan, at makasaysaysang lugar na matatagpuan sa buong County at sumasaklaw sa higit 17,000 akre.

**Ang mga parke** ay kumakatawan sa kamangha-mangha at sari-saring likas na lugar ng ating rehiyon, mula sa mababatong lawa-lawaan, malalagong gubat sa bundok, at mga liblib na lugar para magkampo hanggang sa dalampasigan ng Bayfront, maaliwalas na mga lugar para sa piknik, at mga sikat na palaruan.

Nagbebenta ang Departmento ng mga tiket na magagamit sa buong taon, na nag-aalok ng walang limitasyong pagpasok sa lahat ng Mga Parke sa County sa buong taon.

### Suportahan ang inyong mga parke

**Maaari kang magboluntaryo** upang tulungan ang mga bantay-gubat na protektahan at paunlarin ang mga lupain ng parke at pagsilbihan ang mga bumibisita sa parke.

**Ang San Mateo County Parks Foundation** ay nangangalap ng pondo para pagbutihin ang kalidad ng Mga Parke sa County para sa ating komunidad. Para sa impormasyon, bumisita sa www.SupportParks.org.

**Ang San Bruno Mountain Watch** (415-467-6631) ay nagtataguyod sa proteksiyon at pagtamasa ng parkeng ito. Para sa impormasyon, bumisita sa www.MountainWatch.org.


**Mga Parke sa San Mateo County**

**Mga likas na lugar at nakakagiliw na espasyo**

Inimprenta sa ini-recycle na papel    Setyembre 2017

# San Bruno Mountain

## Isang Parke sa San Mateo County


Jack Yaco

SAN MATEO COUNTY PARKS

**Mga likas na lugar at nakakagiliw na espasyo**

## San Bruno Mountain State and County Park

**Makikita sa ilang milya**, ang tuktok ng bundok ng Parke, na may parehong pangalan, ay isang kilalang bahagi ng tanawin ng peninsula. Maaabot ang tuktok na may taas na 1,314 na talampakan sa pamamagitan ng paglalakad o gamit ang sasakyan, at masisiyahan ang mga bisita sa 360° ng magagandang tanawin ng buong Bay Area.

Sa hilagang dulo ng bulubundukin ng Santa Cruz, ang mabatong parkeng ito na may laking 2,416 na akre ay isang popular na destinasyon sa pag-akyat ng bundok. Ang matatarik na dalisdis at malalalim na lambak nito ay nagsisilbing likas na tirahan para sa napakaraming iba-ibang uri ng halaman at hayop sa gubat.

Sa loob ng ilang dekada, ang lugar ay naging sentro ng salungatan sa pagitan ng mga developer na nais magtayo ng pabahay sa bundok at ng mga dalubhasa sa kapaligiran na kinilala ang biyolohikal na kahalagahan ng lugar.

Magkasamang binili ng County at ng Estado, ang Parke ay pinamamahalaan ng San Mateo County Department of Parks.

Pinapalibutan ng San Bruno Mountain ang Daly City, Brisbane, South San Francisco, at Colma, at madaling napupuntahan mula sa highway 280 at 101.


Jack Yaco

## Mga likas na tampok

Ang linya ng bulubundukin mula silangan patungong kanluran ng Mountain ay bumubuo ng maraming matatarik na dalisdis, na higit sa 50% ang ilan. Kadalasang umaabot sa 30 milya kada oras ang bugso ng hangin sa bulubundukin. Katamtaman at pabago-bago ang mga temperatura, at posibleng may fog sa buong taon.

Ang San Bruno Mountain ay pangunahing binubuo ng coastal scrub, at kinabibilangan din ng coastal strand, oak woodland, chaparral, at likas na tirahan ng hayop at organismo sa pagitan ng lupa at ilog (riparian habitat). Sa panahon ng tagsibol, matutuwa ang mga bisita sa mga napakagandang ligaw na bulaklak.

Karaniwang-karaniwan ang mga ibon, lalo na ang mga ibong-mandaragit.

Dahil sa pagkakabukod ng Mountain, nagresulta ito sa mga kakaibang kondisyon ng mga nabubuhay na bagay, kaya naman tunay na nakakagalak para sa mga botaniko ang Parke. Matatagpuan sa San Bruno Mountain ang 14 na species ng mga bihira o nanganganib na halaman.

Nagbibigay kanlungan ang Parke para sa ilang nanganganib na paruparo na matatagpuan lamang sa iilang ibang lugar sa mundo: San Bruno Elfin, Mission Blue, Callippe Silverspot at Bay Checkerspot, na lahat ay protektado na ngayon sa ilang bahagi ng bisa ng unang Habitat Conservation Plan (Plano sa Pagkonserba ng Likas na Tahanan) sa mundo, na inawtorisahan noong 1983 ng US Fish and Wildlife Service.

## Mga aktibidad at pasilidad

**Ang pag-akyat sa bundok** ang pinakakilalang aktibidad sa Parke. Ang mga pangunahing umpisa ng daanan ay nasa pasukan ng parke, lote ng paradahan ng umpisa ng daan, at sa tugatog ng bundok. Mayroong humigit-kumulang 12 milya ng mga daanan sa Parke. Ang ilang daanan ay bukas sa mga namimisikleta at mga nakasakay sa kabayo; tingnan ang mapa para sa paggamit ng daanan.

**Kamangha-mangha ang mga tanawin** mula sa Parke. Sa pagmamaneho sa Radio Road papunta sa tugatog, maaari kang tumingin sa hilaga sa Mount Tamalpais, silangan sa Mount Diablo, at kanluran sa Farallon Islands.

Malapit sa pasukan ng parke, may ilang mga **lugar para sa piknik na hindi kailangan ng reserbasyon** na may mga lamesa, ihawan, naiinom na tubig, at mga palikuran. Ang malapit na damuhan ay popular para sa paglalaro ng volleyball at pagpapalipad ng saranggola.

Ang lugar ng Edward Bacciocco, Jr. **Youth Camp** ay maaaring ipareserba para sa mga grupong binubuo ng hanggang 200 tao.

**Para gumawa ng mga reserbasyon**, bumisita sa www.SMCoParks.org o tumawag sa 650-363-4021.





Jack Yaco

## Mga oras at paggamit ng parke


| | |
|---|---|
| **Mga oras** | Nagbubukas ang Parke nang 8am. Nagbabago ang oras ng pagsara depende sa panahon, at ito ay ipinapaskil. |
| **Mga alagang hayop** | Hindi pinapahintulutan ang mga alagang hayop sa parke, ngunit pinapahintulutan ang mga nakataling aso sa Bay Trail. |
| **Mga apoy** | Pinapayagan lamang ang mga pag-iihaw sa barbeque pit (ihawan) gamit ang uling; bawal ang mga portable na ihawan. |
| **Paninigarilyo** | Bawal manigarilyo sa Mga Parke ng County, sa mga daanan, o sa mga makasaysayang lugar. |

**Mangyaring protektahan ang likas na kapaligiran ng Parke at huwag gambalain ang alinmang halaman o hayop.**


## Mga daanan

| | |
|---|---|
| **Eucalyptus Trail** | .3 milya |
| **Dairy Ravine Trail** | .4 milya |
| **Old Ranch Road Trail** | .7 milya |
| **Bog Trail** | .9 milya |
| **Saddle Trail** | 2.0 milya |
| **Ridge Trail** | 2.4 milya isang direksiyon |
| **Summit Loop Trail** | 3.1 milya |

- Pare-parehas na ginagamit ng mga umaakyat sa bundok, tumatakbo, at nakasakay sa kabayo ang mga daanang ito. Mangyaring maging alerto at maging magalang sa lahat ng gumagamit ng daanan.
- Laging magbigay-daan sa mga nakasakay sa kabayo sa pamamagitan ng pagtabi sa gilid ng daanan.
- Para sa mga nagbibisikleta, laging magbigay-daan sa ibang mga gumagamit ng daan.
- Maaaring pana-panahong isara ang mga daanan dahil sa mga kondisyon ng panahon.




**Para sa higit pang impormasyon at ruta ng daanan, bumisita sa www.SMCoParks.org.**



San Bruno Mountain State and County Park
LEGEND
Multiple-use trail (bicycle, equestrian, and hiking)
Hiking/biking trail
Hiking/equestrian road
Hiking/equestrian trail
Hiking trail
Service road
San Francisco Bay Trail
Trail distance (miles)
Numbered trail junctions
Parking
Restrooms
Picnic area
Gatehouse
Gate
Amphitheater
Radio tower
Other public lands
Private property
San Bruno Mountain State and County Park
San Bruno Mountain 1314'
Daly City BART Station
John Daly Blvd
to 280
DALY CITY
Crocker Ave
Pointe
Pacific
Mission St
Hillside Blvd
Abbot
Hillside Park
Bonnie
Price
East Market St
Market St
San Pedro Rd
El Camino Real
Colma BART Station
to Mission St
to Geneva Ave.
South Hill Blvd
Alta Vista Way
Oakridge Ave
Carter St
Martin St
Main St
to San Francisco
Saddle Trail
Edward Bacciocco, Jr. Group Area
Old Guadalupe Trail
Youth Camp Trail
THE SADDLE
Bog Trail
Colma Creek
Brook Trail
Summit Loop Trail
Radio Road
Park Entrance
Guadalupe Canyon Pkwy
Old Ranch Road Trail
Wax Myrtle Ravine
Eucalyptus Trail
SEE DETAIL MAP
April Ravine
Cable Ravine
Dairy Ravine
Dairy Ravine Trail
Devils Arroyo
Ridge Trail
Serbian Ravine
GUADALUPE HILLS
Silverspot Dr
Mission Blue Dr
Checkerspot Dr
West Hill Dr
Valley Dr
Monarch Dr
North Hill Dr
Brisbane Recreation Trail
South Hill Dr
Guadalupe Quarry
California Department of Fish and Game
Owl Canyon
Buckeye Canyon
Tunnel Rd
Lagoon Rd
Park Ln
County Rd
Old Visitacion Ave
San Bruno Ave
BRISBANE
Caltrain
Brisbane Lagoon
Sierra Point Pkwy
Bayshore Freeway
San Francisco Bay
(City of Brisbane)
SOUTHEAST RIDGE
Sierra Point Blvd
Sierra Point Marina
San Francisco Bay Trail
COLMA
Hillside Blvd
Lawndale Blvd
Sage Ravine
Tank Ravine
Juncus Ravine
Cow Trough Ravine
Jefferson St
South San Francisco Dr
Chestnut Ave
Hillside Blvd
Sister Cities Blvd
Mandalay Pl
Bayshore Blvd
SOUTH SAN FRANCISCO
N
0 0.2 0.4 0.6 0.8 1.0 mile
0 0.2 0.4 0.6 0.8 1.0 kilometer
PARK ENTRANCE AREA
Edward Bacciocco, Jr. Group Area
0 0.1 mile
0 100 meters
Youth Camp Trail
Old Guadalupe Trail
Colma Creek
Bog Trail
THE SADDLE
Saddle Trail
Guadalupe Canyon Parkway
to Brisbane
grass area
to Daly City
Park entrance
Main parking
Old Ranch Road Trail
underpass
Cable Ravine
Summit Loop Road
Radio
to summit
Native Plant Garden
Trailhead parking
Dairy Ravine Trail
Eucalyptus Trail
Summit Loop